

Ang Pagpupunas sa Medyas

Bilang pagbibigay ng kaluwagan at kagaan, ipinahintu-lot ng Islam ang pagpupunas sa ibabaw ng suot na medyas sa halip na hubarin at hugasan ang paa. Napatunayang pinahin-tulutan ito ng Propeta (SAS). Ngunit may kundisyon ang pag-pupunas sa medyas: kailangang isuot ito habang hindi pa na-wawala ang bisa ng wudú'. Tuwing magsasagawa ng wudú', papahiran ng basang palad ang ibabaw ng medyas sa halip na hugasan ang paa. Ang ilalim nito ay hindi na papahiran. Ang haba ng panahon na ipinahihintulot ang pagpapahid mula nang unang pahiran ang suot na medyas ay isang araw at isang gabi (24 oras) para sa di-naglalakbay at tatlong araw at tatlong gabi (72 oras) para sa musáfir.¹ Nawawala ang bisa ng pagpapahid kapag natapos na ang takdang panahon nito o kapag hinubad na ang mga medyas o kapag naging junub² ang nagsuot ng medyas at kailangan nang hubarin ito para maligo.

Ang Mga Nakapagpapawalang-bisa sa Wudú'

Ang lahat ng lumalabas sa labasan ng ihi at dumi ay naka-sisira sa wudú', gaya ng ihi, dumi, utot, maníy, madhy at wady. Kapag maníy (*semen*) na ang lumabas, kailangan nang mag-sagawa ng *ghusl*³ Ang mga sumusunod ay nakasisira sa wudú':

1. Pagkatulog nang mahimbing,
2. Pagsaling sa ari na hindi nahahadlangan ng kasuutan,
3. Pagkain ng karne ng kamelyo,
4. Pagkawala ng malay.

¹ Naglalakbay. Ang detalye tungkol sa musáfir ay tatalakayin sa pahina 48.

² Tingnan sa pahina 16 ang pagtatalakay tungkol sa junub.

³ Tingnan sa pahina 15-18 ang kahulugan at ang pagsasagawa ng ghusl.